

# Patnubay para sa indibidwal na ganap nang nabakunahan.



Ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan 2 linggo pagkatapos ng iyong huling dosis ng bakuna sa COVID-19.

**Mga dalawang dosis na bakuna:** 2 linggo pagkatapos ng pangalawa mong iniksyon (kailangan mo ng parehong iniksyon upang lubusang maprotektahan).

**Isahang dosis na bakuna:** 2 linggo pagkatapos ng iniksyon (kailangan mo lamang ng isang iniksyon upang lubusang maprotektahan).

Upang mapanatiling ligtas ang iba hanggang sa mas marami pang tao ang magkaroon ng pagkakataong mabakunahan, maaaring may mga sitwasyon kung saan kailangan mo pa ring mag-ingat.

## Kung ganap ka nang nabakunahan:



Maaari kang pumasok sa loob ng mga gusali at lumapit sa ibang mga tao na nabakunahan na, nang hindi inaalalang makakahawa ng iba.



Maaari kang bumisita sa isang taong may mababang peligro at hindi pa nababakunahan, nang walang suot na face mask o nang hindi umaagwat ng distansiya.




Hindi mo kailangang magkwarentina o magpasuri kung malantad ka sa isang tao na mayroong COVID-19, maliban kung magkaroon ka ng mga sintomas pagkatapos ng pagkakalantad (na bihirang mangyari).



CORONAVIRUS  
UTAH.GOV

## Upang mapanatiling ligtas ang iba hanggang sa mas maraming tao pa ang mabakunahan.



Magsuot ng face mask at umagwat ng distansiya sa iba kung may kasama kang isang taong hindi pa nababakunahan at na may mas mataas na peligro ng malubhang sakit o kung nakatira kasama ang taong may mas mataas na peligro.



Magsuot ng face mask at umagwat ng distansiya sa mga pampublikong lugar hanggang mas maraming tao pa ang magkaroon ng pagkakataong mabakunahan.



Iwasan ang kumpol ng mga tao at mga pagtitipon. Magsuot ng face mask at umagwat ng distansiya sa iba hangga't maaari kung ikaw ay nasa paligid ng maraming tao.



Ang mga bakuna sa COVID-19 ay mabisa sa paghadlang sa matinding karamdaman, pagpapa-ospital, at pagkamatay mula sa virus. Sa bihirang pagkakataon na magkaroon ka ng mga sintomas ng COVID-19, kailangan mong magpasuri.



Sundin ang anumang mga pag-iingat na hinihingi sa iyo ng mga negosyo at tagapagbigay-trabaho. Maaring mayroon silang mga empleyado o parokyano na hindi pa nababakunahan, o na may mas mataas na peligro sa lubhang pagkakasakit.



Kung maglalakbay ka, sundin ang anumang mga kinakailangan ng lugar na iyong pupuntahan.

Halaw mula sa patnubay ng CDC. <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/fully-vaccinated.html>

